
3

# Music

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Manipis at Makapal na Tunog




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Music – Ikatlong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 4: Manipis at Makapal na Tunog**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Johnna D. Mamaril
**Editor:** Reynaldo Deocampo
**Tagasuri:** Marivic O. Arro, Althea S. Llameg,Vicente A. Pines Jr.
**Tagaguhit:** Randy E. Dueñas
**Tagalapat:** Randy E. Dueñas, Maria Frances Joy J. Maambong
**Tagapamahala:** Evelyn R. Fetalvero, Reynante A. Solitario, Janette G. Veloso, Janwario E. Yamota, Analiza C. Almazan, Djhoane C. Aguilar, Ma. Cielo D. Estrada, Maria Perpetua Angelita G. Suelto, Jeselyn B. dela Cuesta, Reynaldo C. Deocampo

**Inilimbag sa Pilipinas ng** _______________________

**Department of Education – Region XI**

Office Address: F. Torres St., Davao City

Telefax: (082) 291-1665; (082) 221-6147
E-mail Address: region11@deped.gov.ph * lrms.regionxi@deped.gov.ph

# 3

# Music

## Ikaapat na Markahan – Modyul 4:
## Manipis at Makapal na Tunog

# Paunang Salita

## Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Music sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Manipis at Makapal na Tunog**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

*Mga Tala para sa Guro*

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

**Para sa mag-aaral:**

Malugod na pagtanggap sa Music sa Ikatlong Baitang ng Alternative Delivery Mode (ADM) modyul ukol sa **Manipis at Makapal na Tunog**!

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong makapagbigay nang makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | | |
|---|---|---|
| | *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| | *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| | *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| | *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| | *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang modyul na ito ay ginawa upang matamo ang kasanayang dapat mong matutuhan sa iyong baitang.Ito ay binubuo ng gawain na maaari mong magamit sa ibat ibang sitwasyon at panahon. Ang mga salitang ginamit ay naayon sa lebel ng iyong kaalaman upang madaling maintindihan at maisagawa ang mga kasanayan at pagsubok. Ito ay batay sa pamantayan sa mga kasanayan sa ikatlong baitang.

Ang mga gawain at talakayan ay nababase lamang sa isang kasanayan sa ikaapat na markahan sa Musika. Ito ay ang pang-apat na aralin na binubuo ng mga gawain upang matamo ang iba't ibang kasanayan ng mag-aaral at mapalawak ang pagkaintindi sa aralin.


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. nakikilala ang manipis at makapal na tunog sa musika.
   ( MU3TX-IVg-h-4)



## Subukin

Alam mo bang may iba't ibang tekstura ang musika? Sagutin ang mga sumusunod na katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na imahen ang nagpapahiwatig ng manipis na tunog?

   a. 
   b. 
   c. 
   d. 

2. Kung ang tunog na pinakamakapal ay ihahalintulad natin sa tinapay, ano ang maging itsura nito?

   a. 
   b. 
   c. 
   d. 

3. Sino sa mga sumusunod ang nagpaparinig ng awitin na may pinakamanipis na tunog ng musika?

   a. Si Allan na kumakantang nag-iisa.
   b. Sina Bea at Lucy na kumakanta ng magkaibang tono.
   c. Si Eric ay kumakanta at si Dany ay tumutugtog ng gitara.
   d. Ang sikat na Madrigal Singers na kumakanta na may iba't ibang tono sa iisang awitin lamang.

4. Alin sa mga sumusunod ang may pinakamanipis na tunog ng melodiya?


   a. 
   b 
   c. 

   d 

5. Alin naman sa mga sumusunod na **musical score** ang nagpapahiwatig ng may pinakamakapal na tunog ng melodiya?

   a. 
   b. 
   c 
   d. 

| Aralin 1 | Manipis at Makapal na Tunog |
|---|---|



## Balikan

Pareho ba ang bilis o takbo ng isang awit? Isulat ang pamagat ng awitin sa kahon na naaayon sa bagal at bilis ng pagkakaawit nito sa mga sumusunod na lawaran. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| A. DAHAN-DAHAN | B. KATAMTAMANAN | C. MABILIS |
|---|---|---|




1. Bahay Kubo
2. Tiririt ng Maya
3. Tulog na Bunso
4. Pen Pen de Sarapen
5. Ako ay May Lobo



## Tuklasin

May mga awiting iisa lamang ang melodiya at awiting binubuo ng iba't ibang melodiya na inaawit ng sabay-sabay.

Pagtambalin ayon sa kapal at nipis ang tunog sa larawan na iyong nakikita sa kahon. Isulat ang titik sa sagutang papel.

| Musical Score | Mga Larawan |
|---|---|
| 1.  | a.  |
| 2.  | b.  |
| 3.  | c.  |

## Suriin

Pagmasdang mabuti ang iba't ibang estruktura ng bahay. Ano ang pinagkaiba ng nasa A, B at C? May maganda bang naidudulot kung may maraming karagdagang estruktura ang bahay na iyong nakikita? Bakit?

A.

B.

C.


Ang bawat estruktura ng bahay na iyong nakikita ay maihahalintulad natin sa tekstura ng musika. Ang tekstura ng musika ay maaaring manipis o makapal. Paano ito makikilala? May mga awitin na kung iyong pakikinggan ay manipis ang tunog, napakasimple at may **single melodic line** lamang. Tulad ito sa unang larawan. Kapag ito ay lalapatan ng karagdagang melodiya, maaaring dalawa, tatlo o apat, ang tunog ay maging makapal at komplikado kung pakikinggan. Makikita naman sa larawan B at C. Ito ang tinatawag na **multiple melodic lines** sa awitin. Masasabi nating mas maganda at mas malikhain ang pagbuo ng **musical piece** kapag binubuo ito ng **multiple melodic lines.**

## Pagyamanin


**Gawain 1:** Lagyan ng isang tsek (/) kung manipis at dalawang tsek(//) kung makapal ang bawat bilang sa iyong sagutang papel.

1.

Isahang Awit

2.

**Three-Part Voice**

3.

**Two-Part Voice**

4.

**Acapella**

5.

**Two-Part Voice**

## Gawain 2:


Panuto: Isulat ang salitang **MANIPIS** o **MAKAPAL** sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Si Dolce na umaawit ng Bahay Kubo sa harap ng klase.
2. Sina Ramon at Daniel ay sabay na kumakanta ng Lupang Hinirang na may isang tono lamang sa paaralan.
3. Ang **Glee Club** sa paaralan ay kumanta ng Leron-leron Sinta sa isang paligsahan na may apat na bahagi ng **melodic line**.
4. Ang **Madrigal Singers** ay naghandog ng awitin sa madla na may apat na bahagi ng boses.
5. Si Maricel ay **nagvivideoke** sa kanilang bahay.

## Gawain 3

Panuto: Isulat ang **MANIPIS** kung ang tekstura ay may isang melodiya at **MAKAPAL** naman sa may dalawa (2) o higit pang melodiya. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. 

2. 

3. 

4. 

5. 




## Isaisip

Kailan natin matutukoy ang **single melodic line o** manipis na tunog at **multiple melodic lines o** makapal na tunog sa musika?


**Single melodic line** ang tawag sa awitin na inaawit ng **unison** o sabay na inaawit at may iisang tono lamang. Ito ay may manipis na tunog. **Multiple melodic lines** naman kapag inaawit ang awitin tulad ng round song, partner song o kung

may dalawa o mas marami pang melodiyang maririnig. Makapal ang tekstura ng tunog sa musikang ito.


## Isagawa

Isulat ang pamagat at ang uri ng tekstura kung manipis o makapal ang kinabibilangan ng awitin batay sa **musical score**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1.




2.




3.




4.




5.



# *Tayahin*

Natutuhan mo na may iba't ibang tekstura ang musika. Sagutin ang mga sumusunod at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1.Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng awiting may **single melodic line?**

a. 

b. 

c. 


d. 

2. Paano makikilala ang isang awitin na may makapal na tunog?

a. Inaawit ito ng maraming bata ng sabay-sabay ang melodiya.

b. Kapag lahat ng tao ay kumakanta sa ating paligid.

c. Kapag kumakanta ka habang naliligo sa banyo.

d. Kapag ang buong klase ay hinati at kumanta ng isang **partner song.**

3.Alin sa mga sumusunod na larawan ang magkahawig ang estruktura sa awiting may pinakamaraming **melodic lines**?

a. 
b. 
c. 
d. 

4. Sino sa kanila ang nagtataglay ng makapal na tunog?

a. Si Ramon at Ana na kumakanta ng **round song**.

b. Ang Boys Scouts na kumakanta ng sabay-sabay.

c. Ang mga taong nagsisimba sa simbahan tuwing Linggo sabay na umaawit.

d. Si Ana tumutugtog ng gitara at si Manuel na nakikinig sa kaniya.

5.Alin sa mga sumusunod na katangian ang ipinapakita kapag ikaw ay natutong lumikha at umawit ng awiting may **multiple melodic lines?**

a.Paggalang b.Malikhain c. Maunawain d.Masunurin

## *Karagdagang Gawain*

Natutuhan mo na ba ang iba't ibang tekstura ng awitin? Magkakatulad ba ang mga ito? Ano naman ang pinagkaiba?

Isulat ang pangalan o pangkat ng mang-aawit ayon sa kinabibilangang tekstura ng kani-kaniyang awitin.

| | | |
|---|---|---|
| Lea Salonga | The Company | Fredie Aguilar |
| Madrigal Singers Choir | Lani Misalucha | Las Piňas Boys |

| May Manipis na Tekstura | May Makapal na Tekstura |
|---|---|
| | |

# *Susi sa Pagwawasto*

Subukin
1. B
2. C
3. A
4. A
5. D

Pagyamanin:

Activity 1
1. /
2. //
3. /
4. //
5. /

Activity 2
1. Manipis
2. Manipis
3. Makapal
4. Makapal
5. Makapal

Pagyamanin:

Activity 3
1. Manipis
2. Manipis
3. Makapal
4. Manipis
5. Makapal

Activity 4
1. 1
2. 2
3. 1
4. 2
5. 1

Isagawa:

Hanay A:
1

Hanay B:
2
3
4
5

Isagawa:

1.Manipis
2.Makapal
3.Manipis
4.Manipis
5.Makapal

Tayahin
1. B
2. D
3. B
4. A
5. B

**Karagdagang Gawain:**

| May Manipis na Tekstura | May Makapal na Tekstura |
|---|---|
| Lea Salonga<br>Fredie Aguilar<br>Lani Misalucha | Madrigal Singers<br>The Company<br>Las Piňas Boys Choir |

# *Sanggunian*

Music, Art, PE and Health 3, Teachers' Guide, Department of Education, Republic of the Philippines, Rex Bookstore,Inc.2015.

Music, Art, PE and Health 3, Kagamitan ng  Mag- aaral, Department of Education, Republic of the Philippines, Rex Bookstore,Inc.2015.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph